



Royal Commission

into Violence, Abuse, Neglect and Exploitation
of People with Disability

Pagbabahagi ng iyong karanasan

sa Royal Commission
sa Kapansanan

Sharing your experience
with the Disability
Royal Commission

Tagalog

**Mas mapagsama at
makatarungang lipunan**

Mga Nilalaman

Bakit ibabahagi sa amin ang iyong karanasan	1
Karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala	2
Mga paraan ng pagbabahagi ng iyong karanasan	3
Isulat, itawag sa telepono, kunan ng video o i-record	4
Pag-isipan ang tungkol sa iyong karanasan	5
Dumalo sa isang sesyong pribado	6
Humiling ng isang sesyong pribado	7
Ano ang mangyayari sa iyong impormasyon?	8
Pagprotekta sa iyong pagkakakilanlan at impormasyon	8
Proteksyon laban sa paghihiganti	8
Pagpapayo at suporta	9
Suporta sa ibang wika	10
Pambatas na payo	10
Kontakin kami	12
Manatiling may-kaalaman	13

Bakit ibabahagi sa amin ang iyong karanasan

Ang iyong karanasan ay mahalaga. Ang pakikinig sa mga tao na may kapansanan, mga pamilya, mga taong tagasuporta, at sa malawakang komunidad ay tumutulong sa Royal Commission na maunawaan ang uri, laki at epekto ng karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala sa mga tao na may kapansanan.

Ang terms of reference (mga saklaw at limitasyon ng gagawing pagsisiyasat) ng Royal Commission ay nag-uutos sa amin na isalang-alang ang indibidwal na mga karanasan.

Ang pagbabahagi sa amin ng iyong mga karanasan ay tutulong sa amin na:

- malaman ang kalakihan ng problema
- maunawaan ang higit pa tungkol sa mga sistema at mga sitwasyon kung saan mas malamang mangyari ang karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala
- maunawaan ang mga epekto sa mga tao na may kapansanan, sa kanilang pamilya, sa mga taong tagasuporta, at sa ating komunidad
- mangalap ng impormasyong nauugnay sa aming mga imbestigasyon at mga programa ng pananaliksik
- marinig ang iba't ibang palagay.

Mangyaring tandaan na ang Royal Commission ay hindi makakapagpasya o makakalutas ng indibidwal na mga kaso, o makakapagbigay ng kompensasyon.

Kinikilala ng Royal Commission na ang paglapit upang ibahagi ang iyong karanasan ay isang malaking hakbang. Nais naming gawing madali ito hangga't maaari. Mangyaring sabihin sa amin ang anumang suporta na kailangan mo.

Karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya at pagsasamantala

Ang karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, at pagsasamantala ay mahahalagang mga salita para sa Royal Commission sa Kapansanan. Para sa Royal Commission, ang mga salitang ito ay may mga tiyak na kahulugan.

Karahasan at pang-aabuso

Saklaw ng mga salitang karahasan at pang-aabuso ang hanay ng mga pag-aasal sa mga tao na may kapansanan. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng pag-atake, pag-atakeng-sekswal, pamumuwersa, pamimigil (pisikal at kimiko), puwersadong mga paggamot, puwersadong pamamagitan, panghihiya at panliligalig, abusong pinasyal at pangkabuhayan, at mahahalagang paglabag sa pagka-pribado at karangalan sa isang pangkabuuan o pang-indibidwal na paraan.

Pagpapabaya

Kabilang sa pagpapabaya ang pisikal o pandamdaming pagpapabaya, di-sinadyang pagpapabaya, o sinadyang di-pagbibigay. Ang pagpapabaya ay maaaring isang mahalagang insidente o isang isyung pangkabuuan na kinapapalooban ng di-pagbibigay sa tao na may kapansanan ng mga batayang pangangailangan sa buhay katulad ng pagkain, inumin, kanlungan, pag-access, pagkilos, pananamit, edukasyon, pangangalagang-medikal at paggamot.

Pagsasamantala

Ang pagsasamantala ay nangyayari kapag ang isang tao ay nagsasamantala sa ibang tao. Ito ay maaaring kabilangan ng di-tamang paggamit sa isang tao, o ang di-tamang paggamit ng, o pagkakait ng mga ari-arian sa isang tao, gawain, trabaho o mga resource (gamit) kabilang ang pagsasamantalang pisikal, sekswal, pampinansyal o pangkabuhayan.

Mga paraan ng pagbabahagi ng iyong karanasan

Maibabahagi mo sa amin ang iyong karanasan:

- nang nakasulat, sa telepono, sa isang video o audio recording
- sa isang sesyong pribado na kasama ang Commisioner

Isulat, itawag sa telepono, kunan ng video o i-record

Sinuman ay makagagawa ng isang pagsusumite sa Royal Commission. Ang isang pagsusumite ay magagawa sa anumang paraan na komportable sa iyo - sa pamamagitan ng telepono, email, video o sa aming website. Sabihin sa amin sa iyong sariling mga salita ang tungkol sa iyong mga karanasan – huwag mag-alala kung hindi mo matandaan ang lahat. Maaari mong isulat ang iyong karanasan o gumawa ng isang video o audio recording. Maibabahagi mo rin sa amin ang iyong mga karanasan sa aming website, sa telepono, sa isang email o sa pamamagitan ng koreo.

Hinihimok namin ang mga tao na may kapansanan, pamilya, mga kaibigan, at ang mga tao na sumusuporta sa kanila na ibahagi sa amin ang kanilang mga karanasan sa kanilang unang wika, kabilang ang mga wikang Katutubo (indigenous) at Auslan. Kami ay magpapaubaya ng

serbisyo ng mga interpreter at tagasalang-wika.

Kung nahihirapan kayong magsimula, isipin ang mga tanong sa pahina 5. Ang mga tanong na ito ay gabay lamang, at hindi mo kailangang sagutin lahat. Kailangan mo lamang magbigay ng impormasyon na komportable kang ibahagi.

Kung ikaw ay nakapagbigay na ng nakasulat na pahayag sa ibang ahensya ng pamahalaan, isang organisasyon para sa mga reklamo, o sa pulisya, baka gusto mong bigyan din kami ng kopya nito.

Sa sandaling matanggap ng Royal Commission ang iyong nakasulat, nasa audio o nasa video na pahayag, kokontakin ka namin upang ikumpirmi na natanggap na namin ito. Ikaw ay padadalhan ng isang liham ng pagkatanggap.

Maibabahagi mo sa amin ang iyong karanasan sa pamamagitan ng pagbisita sa website na www.disability.royalcommission.gov.au/share-your-story/make-your-submission

Pag-isipan ang tungkol sa iyong karanasan

Kung nais mong ibahagi ang iyong karanasan, maaaring ang mga tanong na ito ay makakatulong sa pagsisimula:

- Ano ang nais mong ibahagi sa Royal Commission tungkol sa iyong mga karanasan o nalalamang karahasan, pang-aabuso, pagpapabaya, o pagsasamantala sa mga tao na may kapansanan?
- Naibahagi mo na ba ang mga karanasang ito kanino man? Sino ang pinagsabihan mo at ano ang nangyari?
- Mayroon ka bang mga mungkahi o rekomendasyon na nais mong ibahagi, pati na ang anumang mga halimbawa ng mga bagay na gumana nang maayos, o mga ideya kung paano magagawang mas mabuti ang mga bagay?
- May iba pa bang bagay na nais mong sabihin sa amin?
- Sa ilang maiikling pangungusap, ano ang nais mong sabihin sa Australya tungkol sa iyong mga inaasahan para sa hinaharap?

Dumalo sa isang sesyong pribado

Ang isa pang paraan kung paano maibabahagi sa isang Commissioner ang iyong karanasan ay sa isang sesyong pribado.

Ang mga sesyong pribado, na maaaring gawin nang harap-harapan, gamit ang video conferencing, o telepono, ay magbibigay-daan upang maibahagi mo ang iyong mga karanasan nang kompidensyal.

Ang anumang sasabihin mo sa isang sesyong pribado na pagkakakilanlan mo ay protektado ng batas laban sa pagsisiwalat.

Maliban sa mga napakakaunting mga sitwasyon, ang impormasyon na iyong ibibigay sa isang sesyong pribado na pagkakakilanlan mo ay mananatiling kompidensyal, kahit matapos na ang Royal Commission. Ito ay hindi maaaring subpenahin o isiwalat sa ilalim ng batas ng kalayaan ng impormasyon (freedom of information). Ang impormasyong iyong ibibigay sa isang sesyong pribado ay hindi magagamit na ebidensya laban sa iyo sa isang sibil o kriminal na mga paglilitis.

May makukuhang suportang pagpapayo bago gawin ang mga sesyong pribado, sa oras ng mga sesyong pribado, at matapos ang mga sesyong pribado.

Alamin ang tungkol sa mga sesyong pribado sa www.disability.royalcommission.gov.au/share-your-story

Humiling ng isang sesyong pribado

Sinumang may impormasyong ibabahagi na nasasakupan ng aming terms of reference ay makakahiling ng isang sesyong pribado.

Sasagutin ng Royal Commission ang mga makatwirang gastos sa pagbiyahe at akomodasyon ng mga tao na dadalo sa mga sesyong pribado.

Ikaw ay makahihiling ng isang sesyong pribado:

- online sa www.disability.royalcommission.gov.au/share-your-story/apply-private-session
- sa pamamagitan ng pag-email sa DRCenquiries@royalcommission.gov.au
- sa pamamagitan ng pagtelepono sa 1800 517 199 or +61 7 3734 1900
Lunes hanggang Biyernes (hindi kabilang ang mga pista opisyal)
- sa pamamagitan ng koreo sa GPO Box 1422, Brisbane Qld 4001

Ano ang mangyayari sa iyong impormasyon?

Kung naibahagi mo sa Royal Commission ang iyong karanasan, ikaw ay maaaring hilingang maging isang saksi sa isang pampublikong pagdinig, kung saan ihaharap mo ang iyong impormasyon bilang ebidensya. Hindi mo kailangang magbigay ng ebidensya sa isang pampublikong pagdinig kung ayaw mo.

Pagprotekta sa iyong pagkakakilanlan at impormasyon

Kung hindi mo nais na ibahagi ang iyong pagkakakilanlan sa iba na hindi kasali sa Royal Commission, mapoprotektahan namin ang iyong pagkakakilanlan at ang impormasyong ibabahagi mo sa amin sa isang pagsusumite hanggang sa matapos ang Royal Commission sa Abril, 2022 (kung kailan nakatakdang isumite ang Panghuling Ulat).

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa pagsisiwalat ng iyong pagkakakilanlan o ng impormasyong ibinigay mo sa isang pagsusumite matapos ang Royal Commission, maaari mo itong talakayin sa isang abogado. May makukuhang libre at independiyenteng payo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1800 771 800 o bisitahin ang www.yourstorydisabilitylegal.org.au

Proteksyon laban sa paghihiganti

Nauunawaan namin na ang mga tao ay maaaring nag-aalala tungkol sa paghihiganti, halimbawa, kung gagawa sila ng isang pampublikong pagsusumite na namimintas ng isang tagapag-empleyo o tagapagbigay ng akomodasyon. Itinuturing namin na napakaseryoso ng pag-aalalang ito at hinihimok ang mga tao na humingi ng pambatas na payo tungkol sa mga proteksiyon na maibibigay ng Royal Commission.

Pagpapayo at suporta

Ang pagbabahagi ng iyong karanasan ay maaaring maging mahirap. Ang panonood o pakikinig sa mga balita tungkol sa Royal Commission ay magiging mahirap din para sa ilang tao.

Ang Royal Commission ay may pangkat ng mga tagapayo na dumadalo sa lahat ng mga pulong na pangkomunidad, mga pampublikong pagdinig, at mga sesyong pribado upang magbigay ng payo at suporta sa sinumang nakikipag-ugnay sa Royal Commission.

Ang Blue Knot Foundation ay nag-aalok ng libreng espesyalistang suportang pagpapayo at serbisyo ng pagsangguni, para sa mga tao na may kapansanan, sa kanilang mga pamilya, mga tagasuporta, at sa sinumang naapektuhan ng Royal Commission sa Kapansanan.

Tawagan ang pambansang hotline sa 1800 421 468. Ito ay bukas araw-araw.

Kung ikaw ay bingi, o may pinsala sa pandinig o pananalita, tawagan ang National Relay Service sa 133 677 at ibigay ang 02 6146 1468 bilang numero na gusto mong tawagan.

Kung ikaw ay hindi nakapagsasalita o may iba pang pangangailangan sa komunikasyon, magagamit ang mga pasilidad na online chat at email. Kung nais mong talakayin ang iyong pag-access at mga pangangailangan sa komunikasyon, mangyaring makipag-ugnay sa helpline@blueknot.org.au

Ang impormasyon tungkol sa mga suporta na iyong makukuha ay nasa aming website sa www.disability.royalcommission.gov.au/counselling-and-support

Maraming organisasyon na makapagbibigay ng pang-indibidwal na pagtataguyod para sa mga tao na makikipag-ugnay sa Royal Commission sa Kapansanan. Upang hanapin ang serbisyo ng pagtataguyod sa inyong pook, pumunta sa www.disabilityadvocacyfinder.dss.gov.au/disability/ndap/.

Suporta sa ibang wika

Kung kailangan mo ng suporta sa ibang wika, mangyaring tumawag sa:

- National Counselling and Referral Service (Pambansang Serbisyo ng Pagpapayo at Pagsangguni) sa 1800 421 468 at humiling ng isang interpreter (ang tagapayo ang mag-aasikaso nito), o
- Translating and Interpreting Service (Serbisyo ng Pagsasalang-wika at Pag-Interprete) sa 131 450 at hilinging ikonekta ka sa National Counselling and Referral Service sa 1800 421 468.

Kung nais mong umorder ng alinman sa aming mga dokumento na nasa braille, mangyaring tumelepono sa 1800 517 199.

Pambatas na payo

May libreng serbisyo ng pambatas na pagpapayo upang tumulong sa iyo na ibahagi ang iyong karanasan sa Royal Commission sa Kapansanan.

Ang serbisyo ay independiyente sa Royal Commission sa Kapansanan at makatutulong sa:

- pagbabahagi ng iyong karanasan sa isang paghaharap o sesyong pribado
- impormasyon at payo tungkol sa mga kapangyarihan ng Royal Commission, mga pamamaraan at mga gabay
- pagsulat ng mga pahayag ng saksi
- payo tungkol sa kaugnay sa mga legal na isyu gaya ng mga kasunduan sa pagiging kompidensyal
- impormasyon tungkol sa pampinansyal na tulong na maaari mong makuha.

Libreng tawag sa 1800 771
800 Lunes-Biyernes (hindi
kabilang ang mga pista
opisyal) o pumunta sa [www.
yourstorydisabilitylegal.org.au](http://www.yourstorydisabilitylegal.org.au)

Iskema ng pambatas na pinasyal na tulong

Ang mga gastusing pambatas
ay masasaklaw kapag ikaw ay
nakikipag-ugnay sa amin sa
sumusunod na mga paraan:

- tinawag, o binigyan ng
pahintulot na dumalo, bilang
isang saksi sa isang pagdinig
ng Royal Commission
- hinilingang dumalo, o
dumadalo sa isang interbyu
ng Royal Commission
- tumutugon sa isang abiso na
magbigay ng impormasyon
o pahayag na nakasulat na
gagamitin bilang ebidensya
sa Royal Commission, at/o
- tumutugon sa isang abiso na
magharap na inisyu ng Royal
Commission.

Kung ikaw ay tinawagan ng
Royal Commission sa iyong
personal na kapasidad, ikaw ay
magiging marapat sa pambatas
na pinasyal na tulong. Kung ang
iyong organisasyon ay tinawag,
ikaw ay maaaring marapat
din sa pambatas na pinansyal
na tulong, batay sa isang
pagtasa kung matutugunan ng
organisasyon ang halaga ng legal
na pangangatawan nito nang
hindi hahantong sa matinding
pinansyal na paghihirap.

Ang website ng Kagawaran
ng Attorney-General ay may
impormasyon kung paano ka
makakapag-aplay. Pumunta sa
www.ag.gov.au

Kontakin kami

Tumawag sa

1800 517 199 Lunes-Biyernes (hindi kabilang ang mga pambansang pista opisyal).

Kung ikaw ay bingi o may pinsala sa pandinig o pananalita, tawagan ang National Relay Service sa 133 677 at sabihin sa kanila na gusto mong tawagan ang 07 3734 1900.

Upang tumawag sa amin sa isang wikang hindi Ingles, tawagan ang lib्रेng Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450 at sabihin sa kanila na gusto mong tawagan ang 1800 517 199.

Address sa koreo

GPO Box 1422, Brisbane, Qld 4001.

Email at website

DRCenquiries@royalcommission.gov.au

www.disability.royalcommission.gov.au

Manatiling may-kaalaman

Facebook

facebook.com/disability.royalcommission.gov.au

Twitter

[@DRC_AU](https://twitter.com/DRC_AU)

Connect eNewsletter

Upang magsuskribi sa aming dalawang lingguhang eNewsletter *Connect*, punan ang pormularyo ng pagsuskribi sa aming website o mag-email sa DRCmailinglist@royalcomission.gov.au



Royal Commission
into Violence, Abuse, Neglect and
Exploitation of People with Disability